TOMO 12 BILANG 5 | ISSN NO. 2599-5405 | MAYO 2025

LIBRE 'TO!

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

## CARD MRI, NAGSAGAWA NG GROUNDBREAKING PARA SA CARD-PCPD MEDICAL CENTER

ni Edrian Banania



*Matagumpay na naisagawa ng CARD MRI, kasama ang mga kinatawan ng Barangay San Antonio I at ilang kliyente, ang groundbreaking ceremony ng CARD-PCPD Medical Center sa Lungsod ng San Pablo, Laguna—isang makabuluhang hakbang upang mapalawak ang akses sa dekalidad na serbisyong pangkalusugan para sa mga komunidad na higit na nangangailangan.*

Isinagawa ng CARD MRI ang *groundbreaking ceremony* ng CARD-PCPD Medical Center, Inc. noong Abril 10, 2025 sa Barangay San Antonio I, San Pablo City, Laguna.

Ang proyektong ito ay bunga ng pagtutulungan ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) at ng Philippine Center for Population and Development (PCPD), na may layuning

P2

## CARD, INC. AT CEBUANA LHUILLIER MAGKATUWANG SA PAGPAPALAWAK NG SERBISYO SA PERA PADALA

ni Edrian Banania




*Nilagdaan nina CARD, Inc. Executive Director Mr. Vicente Briones, Jr. (ikalawa mula kanan), at Cebuana Lhuillier First Vice President and Money Transfers Group Head Erlinda M. Sumañga (ikalawa mula kaliwa), ang kasunduan para mag-alok ng maaasahang serbisyo sa pagpapadala ng pera mula CARD, Inc. patungong Cebuana Lhuillier. Dumalo rin sa kasunduan sina CARD, Inc. Senior Director for Finance Ms. Melody Escorsa at Cebuana Lhuillier's OIC and Domestic Sales Division Head, Mr. Mario Ramon M. Ludeña.*

Nilagdaan ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) at Cebuana Lhuillier ang isang *Memorandum of Understanding* (MOU) noong Abril 2, 2025 sa CARD MRI Head Office sa San Pablo City, Laguna upang mas mapalawak ang kanilang pinansyal na serbisyo sa mas maraming Pilipino.

Dumalo sa seremonya sina CARD, Inc. Executive Director Vicente Briones, Jr., Cebuana Lhuillier First Vice President and Money Transfers Group Head Erlinda M. Sumañga, at iba pang opisyal mula sa CARD MRI at Cebuana Lhuillier.

Sa ilalim ng kasunduang ito, maaaring magsagawa ng transaksyon ang mga kliyente ng CARD, Inc. sa mga sangay ng Cebuana Lhuillier. Ayon kay CARD, Inc. Executive Director Vicente Briones, Jr., "Ang pakikipagtulungan na ito ay isang mahalagang hakbang sa pagpapalawak ng aming mga serbisyo sa buong bansa. Sa pamamagitan ng aming mga *unit offices* at 25,000 na *authorized agents* ng Cebuana Lhuillier sa buong bansa, layunin naming mapadali ang akses ng aming mga kliyente sa mga serbisyo ng pagpapadala ng pera."

Kasabay ng pirmahan, inilunsad din ang bagong Pera Padala Service ng CARD, Inc. sa lahat ng kanilang tanggapan. Ang serbisyong ito ay nag-aalok ng mas mabilis, abot-kaya, at maaasahang paraan ng pagpapadala at pagtanggap ng halaga, na may *minimal* na bayad.

"Ang pakikipagtulungan na ito ay sumasalamin sa iisang layunin naming mas palawakin ang akses sa serbisyong pinansyal at iangat ang kabuhayan ng mga nasa laylayan ng lipunan, lalo na ang aming mga kliyente at miyembro sa iba't ibang panig ng bansa. Isa itong mahalagang hakbang tungo sa mas inklusibong kinabukasan para sa lahat," ani Cebuana Lhuillier First Vice President at Money Transfers Group Head Ms. Erlinda M. Sumanga.

Para sa mas maginhawa at maaasahang serbisyo, maaaring bumisita ang mga kliyente—CARD man o hindi—sa pinakamalapit na *unit office* ng CARD, Inc. o sangay ng Cebuana Lhuillier. Kapag naisakatuparan na ang transaksyon, maaaring kunin ng tatanggap ang halagang ipinadala sa alinmang Unit Office ng CARD, Inc., sangay ng Cebuana Lhuillier, o mga *sub-agent* nito sa buong bansa.

## CARD RBI, NAGTANIM NG 200 PUNO SA FAMY, LAGUNA

ni Edrian Banania




*Isinagawa ng CARD RBI team, kasama ang mga miyembro ng Barangay Kapatalan Council at kinatawan mula sa DENR, ang isang tree planting activity bilang bahagi ng kanilang misyong pangalagaan at proteksyonan ang kalikasan.*

Bilang bahagi ng adbokasiya sa pangangalaga ng kalikasan, nagsagawa ng *tree planting activity* ang CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI), isang *microfinance-*

P2

### KOA-PINYON:

Wow, ang partnership ng CARD, Inc. at Cebuana Lhuillier ay talagang game changer! Ngayon, mas mabilis, mas magaan, at mas abot-kaya ang pagpapadala ng pera para sa lahat—isang hakbang na tiyak makikinabang ang bawat Pilipino!



Kwentong Tagumpay Page 2

ANNIVERSERBISYO YUGTO NG PAG-UNLAD AT PAG-ASA BotiCARD Pharmacy Page 3

FROM THE MARGINS Dr. Jaime Aristotle B. Alip CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Page 4

## CARD MRI, NAGSAGAWA ... P1

maghatid ng abot-kaya, inklusibo, at dekalidad na serbisyong medikal para sa mga kliyente ng CARD at sa mas malawak na komunidad. Magkakaloob ito ng *outpatient department* (OPD) *services*, kabilang ang *accessible* na *clinical* at *diagnostic care* na nakatuon sa pangmatagalang kalusugan.

"Ang hakbang na ito ay nagpapakita ng aming paninindigan na gawing karapatan, at hindi pribilehiyo, ang kalusugan," ani Dr. Jaime Aristotle B. Alip, Founder at Chair Emeritus ng CARD MRI. "Naniniwala kami na ang tunay na pag-unlad ay nasusukat hindi lang sa kita, kundi sa kalusugan at kapakanan ng bawat Pilipino."

Bukod sa *medical center*, ibinahagi rin ni Dr. Alip na may mga planong itayo sa lugar ang mga pabahay, pasilidad ng Center for Microentrepreneurship Development Institute (CMDI), bangko, at iba pang serbisyong makatutulong sa pagpapabuti ng kabuhayan at kalidad ng buhay ng mga nasa komunidad.

Dumalo sa seremonya si CARD MRI Founder at Chair Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip, kasama ang iba pang mga opisyal ng CARD MRI tulad nina CMDI President Dr. Edzel A. Ramos, CMIT President Mr. Edgar Cauyan, MLNI President Mr. Aristopher Punzalan, CMPMI President Ms. Maida Decano, at CARD Clinics & Allied Services President Dr. Roderick Belen. Nakiisa rin sa okasyon ang mga Senior Advisers ng CARD MRI, kabilang sina Dr. Dolores M. Torres, Ms. Aniceta R. Alip, Dr. Flordeliza M. Sarmiento, Ms. Elma Valenzuela, Dr. Lorenza Bañez, Ms. Maria Gracia Contreras, at Ms. Cynthia Baldeo, pati na rin ang ilang kawani ng CARD MRI, mga opisyal ng Barangay San Antonio I na pinangunahan ni Barangay Chairman Rex Banaag, at ilan sa mga kliyente ng CARD MRI.

Ang CARD-PCPD Medical Center ay nakatakdang magbukas sa publiko sa Setyembre 1, 2025—isang panibagong hakbang tungo sa mas malusog, mas maunlad, at mas inklusibong kinabukasan para sa bawat pamilyang Pilipino.

## CARD RBI, NAGTANIM ... P1

*oriented rural bank* na kabilang sa CARD MRI, noong Abril 5, 2025 sa Barangay Kapatalan, Famy, Laguna.

Ang aktibidad na may temang "Planting Trees Together" ay naisakatuparan sa pakikipagtulungan ng CARD RBI sa Department of Environment and Natural Resources (DENR), Pamahalaang Lokal ng Famy, at Sangguniang Barangay ng Kapatalan sa pangunguna ni Barangay Chairman Anselmo Coronoda.

Naitanim ang 200 punla ng mga katutubong puno tulad ng duhat (*java plum*), kaimito (*star apple*), mabolo (*velvet apple*), at kampitan (*kampit tree*). Layunin ng aktibidad na palaguin hindi lamang ang likas na yaman, kundi patatagin din ang lokal na kalikasan, pagyamanin ang lupa, at maghatid ng pangmatagalang benepisyo sa komunidad.

Dumalo sa aktibidad ang 57 indibidwal, kabilang ang 46 na kawani ng CARD RBI, 10 opisyal ng barangay, at kinatawan mula sa DENR.

Ayon kay CARD RBI President and CEO Lyneth Derequito, ang inisyatiba ay bahagi ng mas malawak na misyon ng bangko. "Hindi lang kami nakatuon sa *financial inclusion*, kasama rin kami sa pangangalaga ng kalikasan at sa pagbuo ng mas maunlad na komunidad. Sa bawat punong itinatanim, tumutulong tayo sa pagpapaunlad ng kalikasan at sa paglikha ng isang mas ligtas at matatag na bukas para sa bawat isa," ani Derequito.

Mula 2023 hanggang 2024, nakapagtanim na ang CARD RBI ng 6,300 puno sa iba't ibang bahagi ng bansa. Ngayong 2025, nakatakda itong magsagawa ng mga *cleanup drive* at magtanim pa ng karagdagang 5,000 puno bilang bahagi ng patuloy na adbokasiya para sa kalikasan at kaunlaran ng mga komunidad.

# MGA ISKOLAR NG CARD MRI, NAGTIPON SA PAGBULAS 2025

*ni Josephine Ramos*




*Isang open discussion ang isinagawa sa Pagbulas: CARD MRI Scholar Gathering, kung saan nagkaroon ng pagkakataon ang mga iskolar na ibahagi ang kanilang mga ideya kung paano nila mapapaunlad ang kanilang kinabukasan at maging bahagi ng misyon ng CARD MRI na wakasan ang kahirapan.*

Ipinagdiwang ng CARD-MRI Development Institute (CMDI) ang ika-12 Pagbulas: CARD MRI Scholar Gathering noong Abril 4–5, 2025 sa Bay Campus, na may temang "Retracing Footsteps Towards Back-to-Basics."

Ang Pagbulas ay taunang pagtitipon ng CMDI para sa mga iskolar ng CARD MRI, na layuning palawakin ang kanilang kaalaman, paigtingin ang kanilang kakayahan, at palalimin ang malasakit nila sa komunidad. Ang salitang "pagbulas," na nangangahulugang "awakening," ay sumisimbolo sa pagpukaw ng kamalayan at pagpapatatag ng kakayahan ng mga kabataang Pilipino sa pagharap sa hamon ng kahirapan.

Sa taong ito, 92 iskolar mula sa Luzon ang nakiisa sa dalawang araw na aktibidad na nakatuon sa pagpapahalaga sa dekalidad na edukasyon—hindi lamang bilang daan sa personal na tagumpay, kundi bilang mahalagang bahagi ng pagsusulong ng pagbabago sa bansa.

"Sa CARD MRI, naniniwala kami na bawat tulong, kabilang na ang pinansyal, ay hakbang patungo sa paghubog ng mga lider ng hinaharap," ani CMDI President Dr. Edzel A. Ramos. "Tungkulin nating tulungan ang kabataan na maging tagapagtaguyod ng positibong pagbabago sa ating lipunan."

Ibinahagi ng mga iskolar at opisyal ang kanilang mga karanasan at pananaw sa layunin ng CARD MRI—ang pagtutulungan para wakasan ang kahirapan—na siyang naging pundasyon ng institusyon.

Isa sa mga nagsilbing inspirasyon sa programa ay si Mae Chariz Cereno, CPA, CTT, isang dating iskolar ng CARD MRI at kasalukuyang *financial management specialist* ng Masikhay, isang institusyon sa ilalim ng CARD MRI. Bilang *part-time instructor* din sa CMDI, inilahad niya kung paano nakatulong sa kanya ang CARD *scholarship*, partikular sa pagbili ng mga libro na naging susi sa kanyang pagtatapos. Sa kanyang kwento, hinikayat niya ang mga estudyante na pagyamanin ang mga oportunidad na dumarating sa kanilang buhay.

Nagbigay rin ng mahahalagang impormasyon si Senior Deputy Director Mr. Joven Robes hinggil sa proseso ng aplikasyon sa CARD MRI, kabilang ang mga benepisyong naghihintay sa mga miyembrong nais maging bahagi ng grupo. Samantala, naghatid naman si Padayon Microfinance Inc. Executive Director Marissa De Mesa ng orientasyon tungkol sa mga programang maaaring makatulong sa mga estudyanteng nais magsimula ng negosyo.

Bilang bahagi ng aktibidad, isinagawa rin ang San Pablo Tour sa pangunguna ng Hijos Tours, kung saan nabigyan ng pagkakataon ang mga iskolar na magsaya, matuto, at magpatibay ng samahan.

Patuloy na tumatayong *educational arm* ng CARD MRI ang CMDI, at sa pamamagitan ng CARD Scholarship Program (CSP), nakapaghatid na ito ng suporta sa 26,340 mag-aaral, kung saan 13,921 na ang matagumpay na nakapagtapos.

# KOA THE KWAGO, NAGTUNGO SA TANAY, RIZAL PARA ITAGUYOD ANG PAGBABASA, PAG-IIMPOK, AT KALIKASAN

*ni Harlene Joy Reyes*



*Makikita sa kaliwang larawan ang mga bata mula sa Brgy. Daraitan, at sa kanang larawan naman ang mga batang mula sa Brgy. Sta. Ines sa Tanay, Rizal. Kabuuang 32 bata ang tumanggap ng Koa Kit at Koa Coin Bank bilang bahagi ng Koa Sustainability Circle, bilang pagkilala sa kanilang aktibong pakikilahok sa storytelling activity na inihanda ng Koa Squad. Ang mga batang ito ay anak ng mga miyembro ng CARD RBI.*

Nagtungo si Koa the Kwago, ang *mascot* ng CARD MRI Publishing House, sa bayan ng Tanay, Rizal noong Abril 24–26, 2025 upang isulong ang kahalagahan ng pagbabasa, pag-iimpok, at pangangalaga sa kalikasan sa mga komunidad ng CARD MRI.

Bilang simbolo ng karunungan at pag-unawa, si Koa ang nagsisilbing mukha ng *Koa Events* at Koa Sustainability Circle (KSC) program na inilulunsad ng CARD Publishing. Layunin ng mga programang ito na magbigay-inspirasyon at maghatid ng kaalaman sa mga pamilyang miyembro ng CARD MRI.

"Sa bawat pagtungo ni Koa sa mga komunidad, layunin naming maisabuhay ang diwa ng pagbabasa at pagkatuto—hindi lamang para sa sarili kundi para rin sa kalikasan at sa mga susunod na henerasyon," ani CARD Publishing President Marilyn Manila.

Noong Abril 24, nagsagawa ang Koa Squad—grupo ng mga kawani ng CARD Publishing—ng *storytelling session* para sa mga anak ng mga kliyente ng CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI) mula sa Tanay 5 at Tanay 3. Mahigit 50 bata ang aktibong lumahok at masiglang nakinig sa mga kuwentong "Ang Lapis ni Anya" at "Ang Magic Alkansya ni Carding." Tumanggap din ang ilan sa kanila ng *Koa Kit* na naglalaman ng mga *school supplies*, kopya ng mga *storybook*, at Koa Coin Bank—isang *handmade* alkansyang likha sa Taka-Making Workshop na isinagawa ng mga kawani upang ituro ang kahalagahan ng pag-iimpok.

Noong Abril 25, isinagawa naman ang Koa Kafe sa Tanay *branch* ng CARD RBI na nilahukan ng humigit-kumulang 70 kliyente. Habang binabasa ang Sulong, ang pahayagang pangkaunlaran ng CARD MRI, nag-enjoy sila sa libreng kape, *calamansi juice*, at *Indomie noodles* mula sa Mga Likha ni Inay. Nakiisa rin sila sa mga palaro na nagbigay saya at nagpatibay ng ugnayan sa komunidad.

Sa parehong araw, ginanap din ang Koa Sustainability Circle (KSC) na may layuning turuan ang mga kalahok ng malikhaing paraan ng pagre-recycle. Sa Taka-Making Workshop, 22 kawani ng CARD RBI ang gumawa ng sariling Koa Coin Bank gamit ang *paper-mâché*. Bahagi ito ng adbokasiyang P3

KUWENTONG TAGUMPAY

## MULA BISIKLETA HANGGANG JUNKSHOP

*ni Josephine Ramos*



*Makikita sa larawan si Nestor Barraca Sr., isang junk shop owner mula sa Batangas, na nagsimulang mangolekta ng kalakal tulad ng karton nang mahigit kalahating bahagi ng kanyang buhay.*

"Lahat ng hirap ay naging sulit," ani Nestor Barraca Sr. mula sa San Jose, Batangas, habang inaalala ang mga pagsubok na kanyang hinarap bago makamit ang tagumpay sa negosyo ng pagja-junk shop.

Noong 1982, nagsimula siyang mangalakal gamit lamang ang bisikleta at matinding determinasyon.

Si Nestor, na tubong Quezon, ay lumuwas ng Batangas sa edad na 17 upang magtrabaho sa isang *sari-sari store*, sa tulong ng kanyang pinsan. Pagsapit ng 19 na taong gulang, naging tagahugas siya sa isang kantina, kung saan niya nakilala ang kanyang magiging asawa.

Nang magkaroon sila ng anak, nagtrabaho si Nestor sa isang palayan kung saan siya mismo ang nag-aani ng palay at nagbubungkal ng damo upang kumita ng PHP 75.00 kada araw, sa ilalim ng matinding init ng araw. Habang lumalaki ang kanilang pamilya, napilitan siyang magtrabaho sa isang *restaurant* upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Bilang tulong sa kanyang pagbiyahe, bumili siya ng bisikleta.

Habang nagbibisikleta papunta at pauwi sa trabaho, naisipan ni Nestor na mangalap ng mga bote mula sa mga bahay na kanyang nadaraanan. Alam niyang hindi sapat ang kinikita mula sa *restaurant*, kaya't unti-unti niyang tinutukan ang pamamasura. Nang mapansin niyang may potensyal ito, nagbitiw siya sa kanyang trabaho at piniling simulan ang sariling *junkshop*.

Mula sa kanyang maliit na puhunan, nakabili siya ng *sidecar* para sa bisikleta. Nang maglaon, nakabili siya ng motorsiklo na may *sidecar* noong 1988, at sa taong 2000, lima na ang kanyang motorsiklo na ginagamit sa pagpapalago ng negosyo. Subalit hindi laging magaan ang lahat. May mga pagkakataong dumaan siya sa matinding pagsubok, tulad ng isang insidente kung saan nakulong siya ng isang araw dahil sa aksidenteng pagbili ng nakaw na bakal. Sa kabutihang-palad, nahuli rin kalaunan ang tunay na mga salarin.

Isang malaking pagsubok din ang pagbaba ng presyo ng mga kalakal. Ngunit sa kabila ng mga pagsubok, hindi siya sumuko. Laban lang! Patuloy niyang pinagsikapan na makabawi at mapanatili ang negosyo.

Mula sa puhunan na PHP 500.00, ngayon ay umabot na sa PHP 400,000.00 ang kanyang kapital. Kapag kinakailangan ng dagdag na puhunan, lumalapit siya sa CARD SME Bank, isang *thrift bank* na bahagi ng CARD MRI, na naging katuwang niya simula noong 2013. Tumatanggap siya ng mga bote, karton, bakal, aluminum, tanso, plastik, lata, at bubong.

"Nais kong magtagumpay kaming lahat sa pamilya, kaya't ibinabahagi ko sa kanila ang lahat ng nalalaman ko tungkol sa negosyo. Sa ganitong paraan, sabay-sabay kaming umaangat," wika ni Nestor.

Ngayon, lahat ng kanyang mga kapatid ay may kanya-kanyang junkshop din, at pati ang anak niyang lalaki ay may sariling negosyo, na paminsan-minsan ay tumutulong sa pagpapatakbo ng kanilang negosyo.

Bukod sa kita, malaking kontribusyon din si Nestor sa kalikasan. Sa pamamagitan ng pagre-recycle ng mga itinapong gamit, nababawasan ang basura at ang pangangailangan na gumawa pa ng mga bagong produkto. Sa ganitong paraan, nakatutulong siya sa pagpapababa ng *carbon emissions* at aktibong nakikibahagi sa laban kontra *climate change*.

Sa tulong ng CARD SME Bank at ng walang sawang pagsusumikap ni Nestor, patuloy niyang pinapalago ang kanyang negosyo, at nagsisilbing inspirasyon sa iba na may malasakit sa kalikasan at sa mga layunin ng Sustainable Development Goals (SDGs), tulad ng *Responsible Consumption and Production, Life on Land, Life Below Water,* at *Climate Action*.

Nag-iwan si Nestor ng isang makapangyarihang mensahe para sa mga nagnanais magtayo ng negosyo: "Wag kayong matakot magsimula, kahit maliit lang. Ang mahalaga ay may simula. Ang bawat hakbang na gagawin mo ay papalapit sa iyong pangarap. Basta't hindi ka hihinto, darating ka rin doon."

KOA THE KWAGO, ... P2

hikayatin ang disiplina sa pag-iimpok at muling paggamit ng mga materyal.

Kasabay nito, isinagawa rin ang Paper Wallet Weaving Workshop sa Tanay 5 ng CARD RBI. Dito, 19 kliyente ang natutong gumawa ng *paper wallet* mula sa lumang diyaryo. Layunin ng aktibidad na palaganapin ang matalinong paggastos, pagkamalikhain, at responsableng paggamit ng mga likas na yaman.

"Ang KSC ay hindi lamang tungkol sa pagre-recycle, kundi isang paalala na bawat simpleng aksyon para sa kalikasan ay may malalim na epekto sa ating kinabukasan. Sa pagkamalikhain at pagiging praktikal, natututo tayong maging responsableng mamamayan," dagdag ni Manila.

Patuloy ang CARD Publishing sa misyon nitong maghatid ng mga kuwento ng pag-asa, inspirasyon, at pagbabago. Abangan ang susunod na paglalakbay ni Koa the Kwago sa iba't ibang panig ng bansa—bitbit ang layuning hubugin ang mas matalino, responsable, at makakalikasan na komunidad.

# ANNIVERSERBISYO

YUGTO NG PAG-UNLAD AT PAG-ASA

## CARD EMPC, nagdiwang ng ika-21 anibersaryo

*ni Harlene Joy Reyes*

Ipinagdiwang ng CARD Employees Multi-Purpose Cooperative (CARD EMPC) ang ika-21 anibersaryo nito bilang bahagi ng CARD MRI noong Mayo 11, 2025.

Bilang isang matatag na kooperatiba, nagsisilbi ang CARD EMPC sa mga miyembro nito at kanilang pamilya. Layunin nitong matulungan ang mga empleyado ng CARD MRI sa pamamagitan ng pagbibigay ng akses sa *credit, health benefits,* at *dividends* bilang mga *shareholder* ng kooperatiba. Sa pamamagitan ng mga serbisyong ito, binibigyan nito ng pagkakataon ang mga miyembro na mapabuti ang kanilang pamumuhay at magsilbing inspirasyon sa misyon ng CARD MRI na maghatid ng positibong pagbabago sa buhay ng iba.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CARD EMPC, bisitahin ang kanilang *website* sa https://www.cardmri.com/empc/.

## BotiCARD, nagdiwang ng 14 taon ng serbisyo sa kalusugan

*ni Harlene Joy Reyes*

Ipinagdiwang ng BotiCARD ang ika-14 na anibersaryo nito sa pagbibigay ng abot-kaya at dekalidad na gamot at proteksyong pangkalusugan sa mga komunidad noong Mayo 20, 2025.

Bilang katuwang sa pagsusulong ng mas mataas na kalidad ng serbisyong pangkalusugan, patuloy na naghahatid ang BotiCARD ng ligtas, epektibo, at abot-kayang gamot para sa mga miyembro ng CARD MRI, kanilang pamilya, at mga kalapit na komunidad. Layunin ng BotiCARD na mapalawak pa ang abot ng kanilang mga serbisyo upang matulungan ang mas maraming tao at mabigyan sila ng nararapat na proteksyong pangkalusugan.

Ayon sa datos ng Marso 2025, nakapagsilbi na ang BotiCARD sa 2,358,831 kliyente, may 23 sangay, at 2 Retail Outlets for Non-Prescriptive Drugs (RONPD) na matatagpuan sa loob ng CARD Indogrosir Store. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang kanilang opisyal na *website* sa https://www.cardmri.com/boticard/.

## Laguna Fresh, nagdiwang ng dalawang taon ng pagtulong sa komunidad

*ni Harlene Joy Reyes*

Ipinagdiwang ng Laguna Fresh ang ikalawang anibersaryo nito noong Mayo 29, 2025, bilang pangunahing tagapaghatid ng mga produktong *agrikultural* sa komunidad ng CARD MRI. Itinatag ito noong Mayo 29, 2023, sa pamamagitan ng CARD-BDSFI at RMJ Development Corporation upang matugunan ang pangangailangan ng mga *value-added* na produkto mula sa mga ani ng kanilang mga kliyente sa agrikultura.

Layunin ng Laguna Fresh na magdagdag ng halaga sa mga produktong agrikultural sa pamamagitan ng pagpapabuti at pagproseso nito, upang matulungan ang kanilang mga kliyente at mapalawak ang merkado para sa mga produkto.

Bilang bahagi ng misyon ng CARD MRI, patuloy na pinapalakas ng Laguna Fresh ang komunidad sa pamamagitan ng mga serbisyong pangkabuhayan. Patuloy nilang pinapalawig ang kanilang operasyon upang maghatid ng dekalidad na mga produkto at serbisyo na makikinabang ang buong komunidad.

SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Cyrene Grace DC. Lubigan
Editor-in-Chief

Roxanne Faye O. Aruta
Associate Editor

Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Writers

# CROSSWORD PUZZLE

Subukan mo na ang iyong kaalaman mula sa iyong mga nabasang kwento at impormasyon mula sa Sulong 12 bilang 5 at manalo ng **PHP 100.00 load** via konek2CARD at iba pang papremyo!


Upang manalo, sundin lamang ang mga patnubay na ito:

1. Siguraduhing nabasa nang mabuti ang nilalaman ng isyung ito bago magsimulang sagutan ang crossword puzzle na ito.
2. Basahin sa ibaba ang mga pangungusap na naglalarawan sa mga salitang iyong ilalagay sa mga kahon ng Crossword Puzzle.
3. Kuhanan ng litrato ang iyong nabuong Crossword Puzzle at ipadala sa Facebook page ng CARD MRI Publishing House sa **@PublishingHouseInc** o ihulog sa pinakamalapit na dropbox sa piling CARD Indogrosir Stores sa inyong lugar kasama ng iyong buong pangalan, pangalan ng CARD center, institusyon, at cellphone number.

Pipili tayo via e-raffle ng entries na may tamang sagot hanggang **Hunyo 30, 2025** at sila ang makatatanggap ng papremyo.

Fullname: ____________________ Institution: ____________________

Centername: ____________________ Phone#: ____________________




**Pababa:**

1. Ito ay ay isang taunang programa ng CMDI na naglalayong tulungan ang mga isklor ng CARD MRI na palawakin ang kanilang kaalaman, paigtingin ang kanilang kakayahan, at palalimin ang kanilang malasakit sa komunidad.
2. Bilang katuwang sa pagsusulong ng mas mataas na kalidad ng serbisyong pangkalusugan, patuloy na naghahatid ang ____________ ng ligtas, epektibo, at abot-kayang gamot para sa mga miyembro ng CARD MRI, kanilang pamilya, at mga kalapit na komunidad.
3. Ito ay isang uri ng puto na itinitinda at inilalako ni Melencia Arasa, 66 taong gulang at kliyente ng CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI) sa Majayjay, Laguna. Ito ang una niyang natutunan at ang pinakapopular niyang produkto na patuloy niyang nilalako sa kanilang komunidad.
5. Ito ay isang matatag na kooperatiba na nagsisilbi sa mga miyembro nito at kanilang pamilya. Layunin nitong matulungan ang mga empleyado ng CARD MRI sa pamamagitan ng pagbigay ng akses sa *credit, health benefits,* at *dividends* bilang mga *shareholders* ng kooperatiba.

**Pahalang:**

4. Nilagdaan ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) at ______________ ang isang Memorandum of Understanding (MOU) upang mapalawak ang kanilang serbisyo sa pagpapadala ng pera sa buong bansa.
6. Ito ay ang ang *mascot* ng CARD MRI Publishing House at ang nagiging mukha ng mga programang Koa Events at Koa Sustainability Circle (KSC) na isinusulong ng CARD Publishing.
7. Ipinagdiwang ng ____________ ang ika-dalawang anibersaryo nito noong Mayo 29, 2025, bilang pangunahing tagapaghatid ng serbisyo sa mga produktong agrikultura sa komunidad ng CARD MRI.
8. Anong aktibidad ang isinagawa ng CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI) bilang bahagi ng kanilang adbokasiya sa pangangalaga ng kalikasan. Ito ay ginanap sa Barangay Kapatalan, Famy, Laguna noong Abril 5, 2025.
9. Anong pangalan ng *medical center* na isang kolaboratibong proyekto ng CARD MRI at ng Philippine Center for Population and Development (PCPD) na layong magbigay ng abot-kaya, inklusibo, at mataas na kalidad na serbisyong pangkalusugan para sa mga kliyente ng CARD at sa buong komunidad. Nagkaroon ito ng *groundbreaking ceremony* sa sa Barangay San Antonio I, San Pablo City, Laguna noong Abril 10, 2025.
10. "Lahat ng hirap ay naging sulit," ani Nestor Barraca Sr. mula sa San Jose, Batangas, habang inaalala ang mga pagsubok na kanyang hinarap bago makamit ang tagumpay sa negosyo ng______________.




# KWENTUNAY

*Mga Kwentong Tunay mula kay Nanay*

## HALINA'T MATUTONG GUMAWA NG MASARAP NA PUTONG BIGAS MULA KAY NANAY MELENCIA!



Sa likod ng bawat putong bigas na niluluto ni Nanay Melencia Arasa ay dasal, alaala, at pagmamahal.

Sa Majayjay, Laguna, araw-araw ay gumigising si Nanay Melencia, 66 taong gulang at kliyente ng CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI), bago pa ang tilaok ng manok. Ang una niyang hinahawakan? Batidor o sandok —handa nang simulan ang araw ng pag-asa sa pamamagitan ng kanyang puto.

Bata pa lamang siya, kasama na niya ang ina sa pagtitinda ng kakanin. Dito siya unang nahulog sa ganda ng pagluluto—hindi lang basta paghahalo ng sangkap, kundi isang tradisyon ng pagmamahal.

Nang magka-pamilya, isinama niya sa kanyang bahay-kubo ang alaala ng mga minatamis ng kabataan. Inumpisahan niyang gawin ang putong bigas—isang simpleng kakanin na naging sandigan ng kanilang kabuhayan. Sa bawat bilao ng puto, naipagpatuloy ang pag-aaral ng limang anak at ang kanilang mga pangarap.

At ang sikreto ng puto ni Nanay Melencia? Puso! Mula kay Nanay Melencia, narito ang gabay sa paggawa ng Putong Bigas:

**Mga sangkap at materyales na kailangan:**

- Bigas (*Jasmine rice* o bigas na hindi malagkit)
- Tubig
- Bahaw
- Gilingan
- Asukal
- *Cheese*
- *Baking Powder*
- Batidor o sandok
- Putuhan (*steamer*)
- *Molder* (*plastic* o *aluminum*, depende sa gustong laki ng puto)

**Paraan ng Paggawa:**

1. Ibabad ang bigas sa tubig ng dalawang oras. Siguraduhing hindi malagkit ang bigas na gagamitin upang maganda ang kalalabasan ng puto.
2. Banlawan ng tatlong beses ang binabad na bigas upang matanggal ang dumi at alikabok at masiguro ang kalinisan nito.
3. Idagdag ang dalawang sandok ng bahaw sa ibinabad na bigas at ihalo nang maayos upang magtaglay ng tamang lasa ang masa.
4. Gilingin ang pinaghalong bigas at bahaw hanggang sa maging pino ang *texture*. Ang pino at malambot na masa ang magbibigay ng magandang resulta sa puto.
5. Timplahan ang masa ng tamang dami ng asukal, *baking powder*, at hiniwang *cheese*. Haluin nang maigi gamit ang batidor o isang malaking sandok upang magpantay-pantay ang timpla.
6. Kapag umaalsa na ang masa, ilagay ito sa mga *molder*. Maaari ring magdagdag ng hiniwang *cheese* sa ibabaw ng bawat piraso para sa dagdag na linamnam.
7. I-steam ang puto sa loob ng 30 minuto o hanggang maluto. Iwasan ang pagbukas ng takip habang niluluto upang mapanatili ang tamang init at *moisture* ng puto.
8. Matapos ang oras ng pagluluto, malalaman mong luto na ang puto kapag buo na ang hugis, hindi malagkit ang ibabaw, at malambot at *moist* ang loob.

**Tip mula kay Nanay Melencia:** "Kung gusto mong gawing mas makulay at kaakit-akit ang iyong puto, puwede kang magdagdag ng *food coloring*. Masarap din kung lalagyan ito ng *toppings* gaya ng niyog o *leche flan*. Subukan mo lang, siguradong magugustuhan ng buong pamilya!"

## SULONG COMICS

